**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 5, 181-187




# Simbayotikong workteks sa pagtuturo ng El Filibusterismo

Pablico, Perfecto Jr.
*Department of Education, Philippines (perfecto.pablico@deped.gov.ph)*

**Received**: 28 February 2026 **Revised**: 10 March 2026 **Accepted**: 11 March 2026
**Available Online**: 12 March 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26104

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

Layunin ng pananaliksik na bumuo ng workteks sa pagtuturo ng El Filibusterismo sa mga mag-aaral na nasa ika-sampung baitang. Naging batayan sa mga bahagi ng workteks ang 4C's ng ika-21 siglo at ang pamamaraan nito ay nakabase rin dito kung saan nabuo sa pamamagitan ng limang bahagi; Paggalugad, Paglalahad, Pagsasanay, Paglalapat at Pagtataya. Research and Development ang ginamit sa pag-aaral at ang worteks ay ipinabalideyt sa tatlong mga guro na eksperto sa larangan ng pagtuturo sa wika at panitikang Pilipino. Ginamit ang instrumentong tseklist na hinango mula sa naunang pag-aaral na kawangis ng isinasagawang pananaliksik. Tinataya ng instrumento ang apat na kraytirya sa pagbuo ng isang kagamitang panturo: a. Nilalaman, b. Gawain at Pagsasanay, c. Katangian, at d. Layunin. Pinaebalweyt ang workteks sa tatlong ebalweytor na eksperto sa pagtuturo ng Filipino. Lumabas sa pag-aaral na ang binuong Workteks ay sumunod sa proseso ng paghahanda at pagdebelop ng isang workteks. Ang nilalaman, gawain at pagsasanay, katangian at layunin ay mabisa, angkop at nakatutugon sa kakayahan ng mga mag-aaral at pamantayang itinakda. Batay sa resulta ng mga datos sa pananaliksik, ito ang mga mungkahing nabuo: Gamitin ang workteks na ito bilang suplemental na kagamitan para sa Grade 10, ipasubok ang workteks. Ang resulta nito ay hulwaran sa pagbuo ng ibang kagamitang makatutulong sa proseso ng pagkatuto, pagdebelop ng ibang suplemental na kagamitan sa mga obra maestra sa panitikang filipino, himukin ang mga gurong dumalo sa mga seminar-worksyap upang lumawak ang kanilang kabatiran sa paghahanda ng kagamitang panturo.

***Keywords:*** simbayotiko, workteks, 4C's, 5P's, MELC

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Simbayotikong workteks sa pagtuturo ng El Filibusterismo

## 1. Panimula

Ang panitikan ay buhay at maituturing na walang kamatayan. Gaya ng pag-aaral o edukasyon na walang katapusan ang pagpapahalaga, ang panitikan ay isa ring paglalayag at patuloy itong magbibigay repleksiyon sa buhay hangga't may mga taong naniniwala rito. Subalit dahilan sa maraming pagbabago at pagsilang ng makabagong teknolohiya, unti-unti nang naisasantabi ang pagtingin at pagkagusto sa panitikan kaya iilan na lamang ang patuloy na tumatangkilik dito. Ganap na mamamatay ang panitikan kung patuloy itong babalewalain ng mga kabataan lalo na ng mga mag-aaral sa kasalukuyan kahit pa ito ay nasa kurikulum ng ating edukasyon. Hindi naman ito masyadong napagtutuunan ng pansin at napapahalagahan ng karamihan sa mga mag-aaral at kanila lamang itong pinag-aaralan dahilan sa pangangailangan. Sa katunayan,nabubura na ng lipunan sa isipan ang repleksiyon ng mga obrang ito sa naging estado ng buhay sa nakaraan,kasalukuyan at posibleng maging sa hinaharap. Sa kabila pa man ng katotohanan ng koneksyon ng kulturang Filipino sa kasaysayan ng bansa na nakapaloob sa panitikan.

Ang kahalagahan ng angkop at epektibong kagamitang pampagkatuto ay hindi kailanman mapapantayan ng anomang yaman sa kakayahang umunawa at tumukoy ng mga kasanayang pangkaisipan sa anumang teksto. Angkop at epektibong kagamitang pampagkatuto ang daan sa mabisang pag-unawa at pagtukoy ng kaisipan sapagkat ang mga gawain sa isang workteks o modyul ay tumutulong sa mag-aaral upang ito'y umunlad nang naayon sa sariling bilis, paraan, antas, oras at panahon. Pinatunayan ito sa pag-aaral ni Mayos (2008) binanggit ni Santisteban (2018) na ang modyul ay isang kagamitang panturo na nagtataglay ng mga tumpak na mga gawain sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang mga gawain ay buo at ganap sa kanyang sarili at inaayos sa paraang sistematiko at komprehensibo. Dahil sa sapat at buo ang modyul, ang mag-aaral ay umuunlad at gumagawa ayon sa pansariling bilis, paraan, antas ng pagkatuto at panahon. Naisipang magsagawa ng pananaliksik gaya nito ng mananaliksik sapagkat gusto niyang matugunan ang mga sumusunod na gap; **Kulang sa ebidensya**: Wala pang sapat na empirikal na pag-aaral sa epekto nito sa pag-unawa ng mga mag-aaral, **Pedagohiya**: Hindi pa malinaw kung paano ito nakatutulong sa kritikal na pag-iisip at makabayang kamalayan kumpara sa tradisyonal na teksbuk, **Konteksto**: Hindi pa natutukoy ang bisa nito sa iba't ibang antas ng edukasyon at uri ng paaralan,**Teknolohiya**: Kailangan pang siyasatin ang integrasyon nito sa digital at e-learning platforms, **Kultural na dimensyon**: Kulang ang pagsusuri kung paano ito nakaaapekto sa identidad at pag-unawa sa temang panlipunan ng nobela. **Learning outcomes**: Wala pang konkretong datos kung mas mataas ang antas ng pagkatuto at retention gamit ito.

Isa rin sa mga napansin ng mananaliksik na nagtuturo ng asignaturang Filipino ay ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagtalakay sa obra maestrang El Filibusterismo dahilan sa ito ay naglalaman ng napakarami at napakahabang mga aralin at malalalim na salita kaya nahihirapan ang mga mag-aaral na unawain ang nilalaman nito. Maliban sa mga ito, hindi sapat ang isang markahan upang matalakay ang napakaraming mga kabanatang nakapaloob sa nasabing nobela. Isa pang napansin batay sa obserbasyon at karanasan ng mananaliksik ay sa lahat ng aralin sa El Filibusterismo, ang huling siyam na kabanata ang siyang labis na naisasantabi sapagkat ito ang pinakahuling bahagi ng nobela at kadalasan sa ikli ng naibigay na panahon ng pagtalakay sa huling markahan ay hindi na naaabot ang mga siyam na kabanata. Kaya naman minabuti na ang huling siyam na Kabanata 31-39 ang pagmulan ng aralin sa pagbuo ng isang kagamitan dahil sa una ito ang mga aralin na hindi na naaabot sa talakayan sa ikaapat na markahan, at ikalawa dahil iminungkahi ito sa nauna nang mga pag-aaral kaugnay sa pagbuo ng isang kagamitan sa pagtuturo ng El Filibusterismo.

Sa katunayan, ang mananaliksik ay gustong makabuo ng isang workteks mula sa Kabanta 31 -39 ng nobelang El Filibusterismo bilang kagamitang pampagtuturo upang makatulong sa mga mag-aaral na mapanatili ang kanilang interes at maiwasan ang pagkabagot sa pag-aaral ng panitikan gayundin upang mabigyang ng karagdagang kagamitan ang mga guro na maaaring maging sanligan sa pagtuturo nito. Idagdag pa na magkakaroon

ng suplemental na kagamitan at karagdagang mga gawain at pagsasanay na angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral higit lalo bilang mga *21st century learners*. Sa gayon mahihimok din ang Kagawaran ng Edukasyon na maglunsad ng mga programa na makatutulong sa mga guro sa pagbuo ng mga karagdagang kagamitan na nakaangkla sa pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral.

Ito ang nag-udyok sa mananaliksik na bumuno ng isang Simbayotikong workteks nang sa gayon ay magamit ng mga mag-aaral at matamo ang layunin ng mananaliksik para lang sa pagbabago sa larangan ng pag-aaral at pagkatuto.

***Kahalagahan ng Pag-aaral -*** Ang paggamit ng simbayotikong workteks (isang uri ng modyul na nakabatay sa interaktibong gawain at gabay na teksto) sa pagtuturo ng *El Filibusterismo* ay may malaking ambag para sa mga guro at mag-aaral. Narito ang ilang mahahalagang punto:

Para sa mga Guro

- Mas sistematikong pagtuturo – Nagbibigay ng malinaw na gabay sa bawat kabanata, kaya't mas madali para sa guro na magplano ng leksyon.
- Interaktibong estratehiya – May kasamang gawain, tanong, at pagsasanay na nakapaloob sa workteks, kaya't hindi limitado sa tradisyonal na lecture.
- Pagpapadali ng pagsusuri – Nakakatulong sa guro na ipakita ang mas malalim na kahulugan ng mga tema, tauhan, at simbolismo sa akda.
- Pagkakaugnay sa kurikulum – Nakaangkla sa mga pamantayan ng edukasyon, kaya't natutugunan ang mga learning competencies.

Para sa mga Mag-aaral

- Mas aktibong partisipasyon – Hindi lamang sila tagapakinig; nagiging kalahok sila sa mga gawain, talakayan, at pagsusuri.
- Pagpapalalim ng pag-unawa – Ang mga tanong at gabay na nakapaloob ay nagtutulak sa kanila na mag-isip kritikal at mag-ugnay ng aral sa kasalukuyang lipunan.
- Paglinang ng kasanayan – Natututo silang magsuri ng teksto, magpahayag ng opinyon, at magbuo ng sariling interpretasyon.
- Pagiging makabuluhan – Nakikita nila ang kaugnayan ng *El Filibusterismo* sa kanilang buhay bilang kabataan at mamamayan.

Sa madaling sabi, ang resulta ng pag-aaral na ito na pinamagatang simbayotikong workteks ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng guro at mag-aaral: para sa mga guro,ito'y gabay at estratehiya at ito'y magsisilbing kasangkapan sa mas malalim na pagkatuto para sa mga mag-aaral. Sa kabuuan, nakatutulong ito upang gawing mas makabuluhan, mas interaktibo, at mas epektibo ang pagtuturo ng *El Filibusterismo*, na hindi lamang isang nobela kundi isang salamin ng lipunan at kasaysayan.

***Pagpapahayag ng Suliranin -*** Ang pananaliksik na ito ay may pangkalahatang layuning bumuo ng workteks na makatutulong sa guro at mag-aaral para sa mabisa at epektibong pagtuturo at pagkatuto ng mayamang kulturang Filipino na nakapaloob sa El Filibusterismo.

***Balangkas Konseptwal***

| INPUT | | PROSESO | | OUTPUT |
|---|---|---|---|---|
| Most Essential Learning Competencies (MELC) ng DepEd<br>Pagbabasa at pagsusuri sa mga gagamiting teksto sa pananaliksik<br>Kabanata 31-39 ng El Filibusterismo | → | Pagbuo ng workteks sa El Filibusterismo batay sa MELC.<br><br>Pagpapaebalweyt ng nabuong workteks sa mga ebalweytor.<br><br>Pagrebisa sa nabuong workteks batay sa iminungkahi ng mga ebalweytor.<br><br>Pagsulat ng pinal na kopya. | → | Mga simbayotikong pagsasanay: workteks sa pagtuturo ng El Filibusterismo |

## 2. Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Sa pag-aaral ni Sayaboc (2015), binigyang pansin niya ang kahalagahan ng pagkakaroon ng suplementaryong kagamitan para sa pagtuturo ng Araling Panlipunan. Lumabas sa kanyang pag-aaral ang acceptability ng K-12 worktext sa Araling Panlipunan para sa baitang 9 kung saan lumabas na gamit ang worktext nalilinang ang mga kasanayan at kompetensi na nakasaad sa kurikulum para sa Araling Panlipunan ng Kagawaran ng Edukasyon. Samantalang nagsagawa rin ng isang eksperimental na pag-aaral si Opina (2014) kaugnay sa pagiging epektibo ng Online Learning Module na ginamit sa asignaturang Ingles sa Centro Escolar University at lumabas sa kanyang pag-aaral na epektibo ang paggamit ng ganitong module dahil sa integrasyon ng vitual teaching at video conferencing study.

Natuklasan naman ni Gatanela(2014), sa isinagawang kagamitan para sa pagbasa na ginagamit sa Baitang 8 ay hindi angkop sa lebel ng mga mag-aaral batay sa *Flesch-Kincaid Readability* dahil ang lebel ng komprehensiyon ng pagbasa ng mga mag-aaral ay nasa antas ng "frustration". Ito ay nagkakatulad sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat tinataya nito ang kaangkupan ng kagamitan sa paglinang ng isang tiyak na kasanayan kahit pa hindi ika-21 siglong kasanayan ang tinaya ng pag-aaral ni Gatanela ito naman ang naging batayan kasanayan sa larangan ng pagtuturo ng wika na nakaangkla sa ika-21 siglong kasanayan. Habang binigyang-pansin naman ni Longcop(2015) ang pagbuo at pagtataya ng isang *multimedia-based* module para sa Asian Studies na kung saan gumamit ang mananaliksik ng modelo na ADDIE bilang pagdulog sa pagtuturo at lumabas sap ag-aaral na angkop ang isang *multi-media-based* modules sa pagtuturong *Asian Studies*.

## 3. Disenyo ng Pag-aaral

Ang disenyo ng Pananaliksik at Pagpapaunlad o *Research and Development* ang pamamaraang ginamit ng mananaliksik upang maisakatuparan ang pag-aaral. Ayon sa pag-aaral ni Patio (2018), na binaggit ni Macaltao (2020) isa itong disenyo ng pananalikik na kung saan bubuo ng panibagong produkto na magagamit sa pangangailangan ng kasalukuyang suliranin.

***Paraan ng Pangtitipon ng Datos -*** Isang liham ng pakikipag-ugnayan ang inihanda at ipinadala ng mananaliksik sa tatlong ebalweytor kasama na ang mga nabuong workteks gayundin ang tseklist para sa ebalwasyon sa pagbuo ng mga workteks. Ang mga salik na nakatulong sa pagpili ng mga ebalweytor ay ang

sumusunod a) Karanasan sa pagbabalido o pageebalweyt,b)Kaalaman sa larangan ng pananaliksik, c)Kahusayan sa pagtuturo sa Filipino. Naging kraytirya sa pagpili ng ebalweytor ang karanasan sa pagbabalido o pageebalweyt sapagkat upang maging mainam at mabisa ang kalalabasan ng ebalwasyon nararapat na ang ebalweytor ay may sapat na karanasan ukol sa gawaing ito kaya naman inalam ng mananaliksik ang mga eksperto sa larangan ng pagbabalido at pageebalweyt at may karanasan na sa gawaing ito nang sa gayon ay mas maging kapakipakinabang ang resulta ng ebalwasyon. Isinaalang- alang din sa pagpili ng ebalweytor ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa pananaliksik nang sa gayon ay mabigyan ng tamang direksiyon ang awtput na gagawan ng ebalwasyon. Gayundin upang maging angkop at akma ang resulta ng workteks batay sa ebalwasyong isinagawa. Binigyang-pansin din sa pagpili ng ebalweytor ang kahusayan sa pagtuturo ng Filipino, dahilan sa bilang isang ebalweytor kailangan na maalam din sila sa asignaturang pinagtutunan ng pansin. Sapagkat kung ganap na may kaalaman ang isang ebalweytor sa paksa mas magiging makatotohanan ang ebalwasyon gayong mailalapat ang sariling karanasan at istratehiya sa pagbabalido ng workteks dahil dito mas magiging mabisa ang kalalabasan ng ebalwasyon at magreresulata ng pagiging produktibo sa kabuoan ng workteks.

***Pagsusuring Istatistikal -*** Para makamtan ang layunin ng pananaliksik na ito, ginamit ang pagsusuring istatistikal na:

**Mean**. Ginamit upang makuha ang kabuuang iskor ng mga ebalwasyon ng mga pagsasanay sa workteks.

## 4. Resulta

Ang kinalabasan ng isinagawang pag-aaral ay ang mga sumusunod:

**Talahanayan 5**

*Kabuoang Mean sa Simabayotikong Workteks sa Pagtuturo ng El Filibusterismo*

| E. KABUOAN | | Kabanata | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Kabanata 31 Ang Mataas na Kawani | Kabanata 32 Ang mga Ibinunga ng mga Paskil | Kabanata 33 Ang Huling Matuwid | Kabanata 34 Ang Kasal nina Juanito at Paulita | Kabanata 35 Ang Pista | Kabanata 36 Ang mga Kagipitan ni Ben Zayb | Kabanata 37 Ang Hiwaga | Kabanata 38 Ang Kasawian | Kabanata 39 Ang Wakas | Pangkalahatang Kabuoan |
| **1. Nilalaman** | M | 4.44 | 4.44 | 4.33 | 4.33 | 4.11 | 4.22 | 4.56 | 4.56 | 4.67 | |
| | DR | KT | KT | KT | KT | KT | KT | KT | KT | KT | |
| **2. Gawain at Pagsasanay** | M | 4.33 | 4.17 | 4.17 | 4.33 | 4.33 | 4.25 | 4.42 | 4.33 | 4.50 | |
| | DR | KT | KT | KT | KT | KT | KT | KT | KT | KT | |
| **3. Katangian** | M | 4.42 | 4.25 | 4.33 | 4.50 | 4.33 | 4.33 | 4.50 | 4.42 | 4.67 | |
| | DR | T | T | T | T | T | T | KT | KT | T | |
| **4. Layunin** | M | 4.50 | 4.33 | 4.33 | 4.42 | 4.33 | 4.42 | 4.67 | 4.42 | 4.50 | |
| | DR | KT | T | T | KT | KT | KT | KT | T | KT | |
| **Kabuoan** | M | | | | | | | | | | 4.39 |
| | DR | | | | | | | | | | KT |

Makikita sa talahanayan 5 ang kabuuang resulta sa bahaging nilalaman, mga gawain at pagsasanay, katangian at layunin na **katanggap-tanggap** ang palarawang marka ng ebalwasyon na **4.39**. Nangangahulugan ito na ang bahagi ng nilalaman, mga gawain at pagsasanay, katangian at layunin ay mainam at mabisang suplemental na kagaamitan. Gayundin na nailahad ang bawat bahagi ng workteks sa paraang higit na nauunawaan ng mga mag-aaral. Patunay na ang inihandang workteks sa pagtuturo ng El Filibusterismo ay tumutugon sa pamanatayang inaasahan sa pampublikong paaralan at angkop na gamitin para sa mga mag-aaral ng ikasampung baitang.

Lumabas din sa pag-aaral ni Cordenete et al (2020) na ang pinakaresulta ng pagpapagamit ng interaktibong modyul sa mga mag-aaral sa ikawalong baitang sa kabuoan ay may weighted mean na 4. 98 at may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap. Sa madaling sabi, ang interaktibong modyul ay mabisang gamitin sa pagtuturo ng obra maestra. At batay sa resulta ay lubos na katanggap-tanggap ang interaktibong modyul sa pagtuturo ng Florante at Laura dahil sa paggamit ng kakaibang aplikasyon sa teknolohiya. Ganito rin ang lumabas sap ag-aaral ni Ramos (2018) sa kabuoang resulta ng mean score na 4.51 na may deskripsiyong KT – Katanggap-tanggapn batay sa layunin ay nakatulong upangbmalinang ang kakayahan ng mag-aaral. patunay nito na ang inihandang kagamitan sa pagtuturo ng El Filibusterismo ay katanggap-tanggap na gamitin para sa mga mag-aaral ng Baitang 10

Pinatunayan din ito sa pag-aaral ni Santisteban (2018) na may pangkalahatang mean na 4.17 at may palarawang marka na Tanggap ay nangangahulugang ang bahaging nilalaman,mga gawain at Pagsasanay, katangian at layunin. Ibig sabihin nito na ang inihandang kagamitang pampagtuturo sa Koridong Ibong Adarna ay Tanggap na gamitin para sa mga mag-aaral ng Baitang 7. Gayundin na ang nabuong workteks ay nagpapagaan sa trabaho ng guro at nakatutulong para sa laong pagkaunawa ng mga mag-aaral sa Koridong Ibong Adarna.

Batay naman sa pag-aaral na ginawa ni Gonzaga (2003) na may mean score na 4.75 at deskripsyon na mabisang-mabisa, ang nabuong modyul ay balido at mapagkakatiwalaan at ito'y angkop sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat ng mga target na mag-aaral. Hindi rin nalalayo ang pag-aaral ni Reyes (2003), na may kabuoang resulta na may mean score na 4.28 na ang nabuong modyul sa English 2 na may palarawang marka na "Excellent "ay mabisa ayon sa kanyang nilalaman, layunin at kabuoang katangian at magagamit ng mga mag-aaral para sa mas mabisang pagkatuto.

Sa kabilang dako, hindi rin maitatwa na sa kabuoang ebalwasyon may mga araling nakakakuha ng mababang marka o mean at palarawang interpretasyon na Tanggap. At sa bahaging ito aminado ang mananaliksik kaya naman nagkaroon ng rebisyon para sa lalong ikagaganda, ikaaangkop, ikauunlad at ikabubuti ng nabuong workteks nang sa gayon ay maging kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral. Ilan sa mga aralin na nakakuha ng ebalwasyon na tanggap ay ang Kabanata 32 at 33 sa bahaging gawain at pagsasanay kung saan nakakuha ang mga ito ng mean score na 4.17 na ang ibig sabihin ay bahagyang tinatanggap. Kaya naman nagkaroon kaagad ng rebisyon kaugnay sa nakitang puna ng mga eblaweytors na kailangan ay iangkla ang mga gawain at pagsasanay sa mga layunin at hangga't maari ay magkaroon ng panumbas na layunin sa bawat gawain at pagsasanay gayundin na magkaroon ng panumbas na gawain sa mga layunin.

Mapapansin din sa talahanayan sa itaas na batay sa naging resulta, may limang kabanata ang nakakuha ng mean score na may palarawang marka na Tanggap sa aspekto ng katangian samantalang may tatlo naman sa aspektong layunin. Sa bahaging ito masasabi natin na may mga salik sa bahaging ito na mahina at nangangailangan ng pagrebisa para sa ikagaganda at ikabubuti pa lalo ng nabuong workteks sa. Kaya naman inayos ito nang naayon sa puna at suhestiyon ng mga ebalweytor na maging konsistent sa paggamit ng font style at size na nakaapekto sa bahagi ng katangian gayundin na iniangkop ang mga gawain at pagsasanay sa mga layunin batay na rin sa naging panukala ng mga ebalweytor nang sa gayon ay umangkop ang mga layunin sa nakatakdang mga pagsasanay upang maging mabisa at kapaki-pakinabang ang nabuong workteks ayon na rin sa layunin ng pagkabuo nito.

## 5. Konklusyon

Lumabas sa pag-aaral, batay sa resulta ng isinagawang ebalwasyon na ang binuong mga Workteks sa pagtuturo ng El Filibusterismo ay sumunod sa proseso ng paghahanda at pagdebelop ng isang workteks. Ang nilalaman, gawain at pagsasanay, katangian at layunin ay mabisa, angkop at nakatutugon sa kakayahan ng mga mag-aaral at pamantayang itinakda. Katanggap-tanggap na gamitin bilang karagdagan o suplemental na kagamitan ng mga mag-aaral na nasa Ikasampung Baitang.

***Rekomendasyon -*** Batay sa resulta ng pag-aaral, inilahad ang mga sumusunod na rekomendasyon pagkatapos maisagawa ang pananaliksik.

- Imimumungkahi ang paggamit ng workteks na ito bilang suplemental na kagamitan para sa mga mag-aaral ng ikasampung baitang.
- Ipasubok sa mga mag-aaral ang nabuong workteks upang mapagtibay ang balididiti nito.
- Ang resulta ng pananaliksik na ito ay isang hulwaran lamang sa pagbuo o pagdebelop ng iba pang kagamitang makatutulong sa mga guro gayundin sa mga mag-aaral.
- Pagbuo o pagdebelop ng iba pang suplemental na kagamitan sa pagpapahalagang pampanitikan lalo na sa mga akdang pampanitikang Filipino.
- Himukin ang mga guro na dumalo sa mga seminar-worksyap lalo na sa pagbuo ng workbuk, workteks, modyul o iba pang suplemental na kagamitan upang lumawak ang kanilang kabatiran o kaalaman sa paghahanda ng kagamitang panturo.

Gumamit kami ng ChatGPT para sa pagpapalalimat pagpapalawak ng kaisipan. Suri at inedit ng mga may-akda ang lahat ng output, kabilang ang [fact-checking/beripikasyon ng kodigo/pagrebisa ng figures]. Walang kumpidensyal o personal na datos ang inilagay sa AI tools. Ganap na pananagutan ng mga may-akda ang nilalaman.

## 6. Talasanggunian

Acoba, V. P. et al. (2007). "Pagpapaunlad sa Kakayahan ng mga Mag-aaral na Mabigyang Kahulugan ang mga Salita sa pamamagitan ng Kontekstong Palatandaan**".** (Di- nailathalang Tesis, MMSU, Laoag, Ilocos Norte)

Applied Educational Systems. (2020, May 7). Digital curriculum for CTE & elective teachers | AES**.**https://www.aeseducation.com

Ambayon, C. M. (2019). "*Modular-Based Approach and Students' Achievement in Literature".* [Published Dissertation. Sultan Kudarat State University, Mindanao, Philippines].

Badayos, P.B. (1999). Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika, Mga Teorya, Simulain. Groundwater Publication and Research Corporation.

Belves, P. M. (1997). Ang Guro at ang Sining ng Pagtuturo. Dane Publishing House, Inc.

Belves, P. M. et al. (1984). Masaklaw na Pilipino (Aklat para sa Pilipino 4 sa Kolehiyo at Unibersidad). National Book Store, Inc.

Bernales, R., et al. (2001).Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina. Mutya Publishing House.

Bobiles, A.C.(2017). "*Mga Mungkahing Materyal sa Paglinang ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral ng ikapitong baitang*" [Di-nailthalang Tesis. University of Northern Philippines, Vigan City].

Bucu, A.V.et. al.(2012). Obra Maestra: El Filibusterismo (Batayang Akdang Pampanitikan).Ikaapat na Edisyon. Rex Bookstore.

Cordenete, J.et al (2020). *"Pagbuo at Balidasyon ng Interaktibong Modyul sa Pagtuturo ng Florante at Laura"*. [Di-nailthalang Tesis. Pangasinan State University, Pangasinan].

Galicia, J. O. (2013). ***"****Pagdebelop ng Modyul sa Pagbasa sa Unang Taon ng Tersarya"* [Di-nailthalang Tesis. University of Northern Philippines, Vigan City].

Gatanela, A. M.(2014*). "Matching reader and texts: Leveling reading materials of K-12 module for grade 9".* (Master's Thesis). Philippine Normal University, Manila

Gonzaga, G. G. (2016). *"Paghahanda ng Sanayang Aklat sa Florante at Laura para sa Pagpapaunlad ng Komprehensiyon ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Taon ng Mataas na Paaralan ng ISPSC"* [Di-nailthalang Tesis. University of Northern Philippines, Vigan City.].